The International Review of Multidisciplinary Research
Volume 1, Issue 6, May 2026, pp. 543-557
https://doi.org/10.5281/zenodo.20513314

# Wika at Teknolohiya: Persepsyon sa Paggamit ng Artificial Intelligence sa Akademikong Pagsulat

[1]**Kenneth Joy V. Perales**, [2]**Estrella B. Salazar**
[1]F. Bangoy National High School, [2]Holy Cross of Davao College
[1]kennethjoy.perales@hcdc.edu.ph, [2]estrella.salazar@hcdc.edu.ph

**Mga Detalye ng Artikulo:**

Natanggap: 3 Mayo 2026
Binago: 10 Mayo 2026
Tinanggap: 16 Mayo 2026
Nailathala: 31 Mayo 2026
Kaugnay na Email:
kennethjoy.perales@hcdc.edu.ph

**Inirerekomendang Sipi:**

Perales, K. J. V., Salazar, E. B (2026). Wika at Teknolohiya: Persepsyon sa Paggamit ng Artificial Intelligence sa Akademikong Pagsulat. The International Review of Multidisciplinary Research. 1 (6), 543-557. https://doi.org/10.5281/zenodo.20513314

**Mga Terminong Indeks:**

artificial intelligence, pagtuturo ng Filipino, persepsyon ng mga mag-aaral sa ika-10 baitang

**Abstrak.** Ang kakulangan at kawalan ng interes sa wastong paggamit ng gramatika sa wikang Filipino ay nananatiling isang pangunahing suliranin sa larangan ng edukasyon sa kasalukuyan. Upang masusing maunawaan ang isyung ito, gumamit ako ng kwalitatibong deskriptibong disenyo sa aking pananaliksik. Pinili ko ang sampung (10) mag-aaral bilang mga kalahok sa pamamagitan ng snowball sampling technique, kung saan tinukoy ng mga unang kalahok ang iba pa nilang kamag-aral na makapagbibigay ng makabuluhang impormasyon tungkol sa kanilang aktuwal na karanasan sa paggamit ng gramatika. Sa pamamagitan ng malalim na panayam at focus group discussion (FGD), natuklasan ko na ang mga mag-aaral ay nahihirapang gamitin ang tamang gramatika sa kanilang mga akademikong sulatin dahil hindi nila ito naiaangkop sa pang-araw-araw na komunikasyon. Madalas silang gumamit ng balbal, pinaikling salita, at maging ng "Jeje" o tekstong estilo na labis na nakakaapekto sa kanilang pormal na pagsulat. Dahil dito, nagiging mahina ang kanilang kakayahan sa pagbuo ng wastong pangungusap, paggamit ng angkop na bantas, at pagpapahayag ng malinaw na kaisipan sa Filipino. Higit pa rito, ipinapaliwanag ng pag-aaral na ito kung paano tinatanggap ng mga mag-aaral ang mga makabagong teknolohiya, partikular na ang artificial intelligence (AI), at ang epekto nito sa kanilang pagkatuto at paggamit ng gramatika. Sa hinaharap, iminumungkahing gamitin ang Multiple Linear Regression upang masukat ang ugnayan ng iba't ibang salik—gaya ng impluwensya ng social media, dalas ng paggamit ng AI, at antas ng interes—sa kawalan ng wastong gramatika. Gayundin, iminumungkahi ang Exploratory Factor Analysis upang matukoy ang mga pinagbabatayang dahilan ng suliranin. Sa pamamagitan ng mga pamamaraang ito, inaasahang mapapaunlad ang umiiral na modelo at mabibigyang-lunas ang mga karanasan ng mga mag-aaral sa paggamit ng AI sa pagsulat ng akademikong sulatin, nang hindi nalilimutan ang kahalagahan ng wastong gramatika sa pagpapayabong ng wikang Filipino.

## Panimula

Sa bahaging ito inilalahad ang suliranin at kaligiran, kahalagahan ng pag-aaral, paglalahad ng suliranin, teoretikal na lente at konseptwal na balangkas.

Suliranin at Kaligiran

Ang kawalan at kakulangan ng interes ng mga mag-aaral sa wastong paggamit ng gramatika ay hindi lamang isang lokal na hamon kundi isang pandaigdigang isyu na nakaaapekto sa kalidad ng edukasyon. Sa makabagong panahon, kung saan mabilis ang palitan ng impormasyon at laganap ang impormal na komunikasyon dahil sa teknolohiya, unti-unting nawawala ang interes ng mga mag-aaral na pag-aralan at gamitin nang wasto ang mga tuntuning panggramatika. Sa baitang 10, ang mga mag-aaral ay nasa kritikal na yugto ng kanilang pagkatuto kung saan inaasahan nang mas mataas na antas ng kasanayan sa pagsulat at pagsasalita.

*© 2026 The International Review of Multidisciplinary Research. This is an open access article distributed under the terms of the Creative Commons Attribution 4.0 International License (CC BY 4.0), which permits unrestricted use, distribution, and reproduction in any medium, provided the original author and source are credited.*

Sa ibang bansa, ang kinikilalng suliranin ay ang kawalan ng interes ng mga mag-aaral sa wastong paggamit ng gramatika. Sa Estados Unidos, ayon sa National Assessment of Educational Progress (NAEP), maraming mag-aaral sa sekundarya ang nahihirapan sa basic grammar rules dahil sa kakulangan ng motibasyon at interes sa pag-aaral ng kanilang sariling wika. Sa United Kingdom, lumabas sa isang pag-aaral na ang mga mag-aaral ay mas pinipili ang impormal na pagsulat dulot ng malawakang paggamit ng social media at text messaging, na nagreresulta sa pagbaba ng kasanayan sa wastong gramatika.

Sa Japan, isang hamon din para sa mga guro na pukawin ang interes ng mga mag-aaral sa pag-aaral ng gramatika ng wikang Hapon, dahil itinuturing ito ng ilan na "nakababagot" o "mahigpit." Sa India, bagamat mayaman ang kanilang tradisyon sa wika, unti-unting bumababa ang kahusayan sa gramatika ng mga katutubong wika dahil sa dominasyon ng Ingles at kawalan ng interes sa pormal na pag-aaral ng sariling wika.

Dito sa Pilipinas, napansin kong uhaw tayo sa mga modernisasyon mula sa ibang bansa lalo na sa mga makabagong aplikasyon kung kaya't agaran tayong gumagamit nito. Nabanggit sa pananaliksik ni Adigue (2024) mula sa Uinbersidad ng Nueva Ecija, ang isang malaking epekto nito ay ang pagbabago sa paraan ng pakikipag-usap at pagpapalitan ng kultura, kung saan ang papel ng teknolohiya sa pagbuo ng pagkakakilanlan ng isang bansa ay tumataas. Ayon kay Johnson (2019), ang paggamit ng artificial intelligence sa edukasyon ay maaaring magbigay ng mga bagong paraan ng pagtuturo at pag-aaral na mas naaangkop sa pangangailangan at interes ng mga mag-aaral.

Mula sa mga naisagawang panayam sa mga kapwa ko guro sa Filipino, lumalabas na tumaas ang bilang o porsyento ng kanilang mga mag-aaral ang umaasa sa paggamit ng AI sa pang-akademikong sulatin. Sa kabila ng lumalawak na interes sa paggamit ng Artificial Intelligence sa antas ng edukasyon, nananatiling limitado ang mga pag-aaral na nakatuon sa wikang Filipino at sa larangan ng akademikong pagsulat. Kadalasan, ang mga kasalukuyang pananaliksik ay nakasentro sa wikang Ingles at iilan lamang sumusuri sa karanasan ng mga mag-aaral sa paggamit ng AI bilang kasangkapan sa akademikong sulatin sa Filipino.

Sa kabila ng pagdami ng mga pag-aaral hinggil sa AI, nananatiling may kakulangan sa pananaliksik na tumutuon sa partikular na persepsyon ng mga mag-aaral sa paggamit nito sa akademikong pagsulat lalo na sa asignaturang Filipino. Kaugnay nito, layunin ng pag-aaral na ito na tuklasin kung paano tinitingnan at ginagamit ng mga mag-aaral ang AI sa kanilang pagsulat, pati na ang implikasyon nito sa kanilang kasanayan at pagkatuto sa kasalukuyang panahon.

*Layunin ng Pag-aaral*

Layunin ng pag-aaral na ito ay tuklasin at alamin ang persepsyon ng mga mag-aaral nasa ika-10 baitang sa paggamit ng AI sa pang-akademikong pasulat. Matututuhan nila ang tamang paggamit nito bilang kasangkapan upang mapaunlad ang kanilang kasanayan sa pagsulat ng mga sanaysay, reaksyong papel, pananaliksik, at iba pang gawaing akademiko. Naniniwala akong magiging makabuluhan ang pag-aaral na ito at makapagbibigay ng pakinabang hindi lamang sa mga mag-aaral kundi maging sa aking mga kapwa guro. Sa pamamagitan nito, magkakaroon ng gabay tungo sa responsableng pagsasama ng AI sa larangan ng edukasyon—na may layuning paunlarin, hindi palitan, ang kakayahan ng mga mag-aaral sa akademikong pagsulat.

Sa kabuoan, ang pag-aaral na ito ay naaayon sa layunin ng Kagawaran ng Edukasyon na itaguyod ang dekalidad at nakasentro sa mag-aaral, at nakatutulong ito sa pagkamit ng integrasyon sa edukasyon. Maaari rin itong magbigay ng mahahalagang pananaw para sa Holy Cross of Davao College, partikular na sa Kolehiyo ng Gradwado at mga programa nito sa edukasyon ng mga guro, sa pagpapahusay ng pagbuo ng kurikulum at disenyo ng pagtuturo. Panghuli, ang pag-aaral na ito ay maaaring magsilbing kapaki-pakinabang na sanggunian para sa mga mananaliksik sa hinaharap na naglalayong lalo pang pahusayin ang mga kasanayan sa pagtuturo at pagkatuto ng wikang Filipino.

Katanungan ng Pananaliksik

Ang pag-aaral na ito ay nakatuon sa paglalarawan sa mga karanasan ng mga mag-aaral sa paggamit ng AI sa pang-akademikong sulatin sa Filipino. Ang pag-aaral na ito ay naglalayong masagot ang partikular ng mga sumusunod:

1. Ano-ano ang mga persepsyon ng mga mag-aaral sa paggamit ng AI sa akademikong pagsulat sa Filipino?
2. Ano ang papel ng AI sa pagpapadali sa pagsulat ng mga akademikong teksto sa Filipino?
3. Ano-ano ang mga gawi ng mga mag-aaral sa paggamit ng AI sa pang-akademikong sulatin?
4. Ano-ano ang mga intensyon sa paggamit ng AI sa pagsulat ng pang-akademikong sulatin sa Filipino;
5. Ano ang aktwal na pananaw sa paggamit ng AI sa pagsulat ng akademikong sulatin.

© 2026 The International Review of Multidisciplinary Research. This is an open access article distributed under the terms of the Creative Commons Attribution 4.0 International License (CC BY 4.0), which permits unrestricted use, distribution, and reproduction in any medium, provided the original author and source are credited.

Teoretikal na Lente

Ang pananaliksik na ito ay nakaangkla sa teoryang Technology Acceptance Model (TAM) ni Davis (1989) ay nagpapakita kung paano ang isang tao na gumamit ng teknolohiya ay naaapektuhan ng kung gaano ito kapaki-pakinabang (usefulness) at madaling gamitin ayon sa kanilang pananaw (perceived ease of use), na nakaaapekto sa kanilang attityud sa paggamit nito (attitude towards using), layunin na gamitin ito (intention to use), at sa huli ay sa aktuwal na paggamit (actual use) ng teknolohiya.

Konseptwal na balangkas




*Talaguhitan 1. Technology Acceptance Model ni Davis (1989)*

Mga Palagay

Sa pag-aaral na ito, ipinapalagay na may makabuluhang ginagampanan ang teknolohiya sa modernong pagkatuto ng mga mag-aaral lalo na sa pagsulat ng akademikong sulatin sa Filipino. Ang pag-usbong ng mga makabagong aplikasyon tulad ng AI na may malaking pakinabang sa edukasyon ng mga mag-aaral ngayon. Dagdag din nito ang mabilisang pagtugon ng AI sa anumang hingin ng mga mag-aaral na mas napapadali ang kanilang mga gawain. Sa kabuoan, mas lumawak ang naging interes ng mga mag-aaral sa paggamit ng mga makabagong aplikasyon ngayon at naging tanggap sa sistema ng edukasyon ngunit sa positibong paraan ng paggamit.

## Metodolohiya

Sa pag-aaral na ito, ginamit ko ang kwalitatibong deskriptibong disenyo ng pananaliksik, na naglalarawan ng isang penomenon sa malinaw at payak na paraan batay sa mismong mga pahayag ng mga kalahok, na may kaunting antas ng interpretasyon (Doyle et al., 2020; Kim et al., 2021). Ginamit ko ang disenyong ito sapagkat ito ay kapaki-pakinabang kapag ang layunin ay maunawaan ang mga karanasan at pananaw ng mga tao sa kanilang likas na kapaligiran, lalo na kung ang paksa ay nangangailangan ng tuwiran at detalyadong paglalarawan sa halip na masalimuot na pagpapaliwanag. Dagdag pa rito, malalaman sa bahaging ito ang hakbang sa pagharap ng mga mag-aaral sa paggamit ng artificial intelligence sa pang-akademikong sulatin sa Filipino at kung ano ang kanilang napagtanto sa kanilang mga karanasan.

Partisipante ng Pag-aaral

Isinagawa ko ang pag-aaral na ito sa isang pampublikong paaralang sekondarya JHS sa Sasa, Lungsod ng Davao. Pinili ko ang paaralang ito sapagkat ito ay madaling puntahan ito bilang lugar ng pag-aaral dahil sa kakayahan nitong makapagbigay ng tunay na konteksto sa loob ng silid-aralan para sa mag-aaral sa ika-10 baitang. Dahil dito, naging angkop ang nasabing lugar upang maunawaan ang kanilang pananaw at karanasan sa paggamit ng AI sa akademikong sulatin sa Filipino.

Pinili ang paaralang ito dahil ang pagiging madaling maabot nito ay nakatulong sa pagiging praktikal at maisakatuparan ang pananaliksik, na mahalagang mga salik sa pagpili ng angkop na lugar ng pag-aaral (Creswell & Creswell, 2018). Dahil ang paaralan ay may katulad na kalagayan sa pagkatuto tulad ng maraming pampublikong paaralan, nakatulong din ito upang maging mas makabuluhan at praktikal ang mga natuklasan.

*© 2026 The International Review of Multidisciplinary Research. This is an open access article distributed under the terms of the Creative Commons Attribution 4.0 International License (CC BY 4.0), which permits unrestricted use, distribution, and reproduction in any medium, provided the original author and source are credited.*

Pangangalap ng mga Datos

Maingat kong inihanda ang isang komprehensibong manuscript na naglalarawan ng layunin ng pag-aaral, metodolohiya, pagpili ng kalahok, mga pamamaraan sa pagkolekta ng datos, at mga etikal na pagpapasya kabilang na ang paghingi ng opisyal na pahintulot sa Tanggapan ng Graduate School ng Holy Cross of Davao College para sa maisagawa ang pangangalap ng datos.  Pagkatapos nito, ay ang paghingi ng pahintulot ng mga napiling kalahok sa pananaliksik na ito sa pamamagitan ng pagpapadala ng pormal na liham (informed assent) at pag-sang-ayon ng mga magulang (parents consent) upang makilahok sa pag-aaral. Nilagdaan ko ang liham kalakip ang mga kaugnay na dokumento bilang suporta.

Sample and Sampling Technique

Ang mga kalahok sa pag-aaral na ito ay binubuo ng sampung mag-aaral na nasa ika-10 baitang na nagmula sa isang pampublikong paaralan. Ginamit ko ang Snowball Sampling Technique sa pagpili ng mga kalahok na nakabatay sa networking at referral. Nagsimula ito sa ilang piling kalahok na tinatawag na "seeds" na tumutugon sa pamantayan ng pananaliksik na tinukoy bilang mga "seeds". Mula sa mga paunang kalahok, hiniling sa kanila na magrekomenda ng iba pang may potensyal na maaaring maging kalahok, na siya namang magrerekomenda ng iba pa. Sa ganitong paraan, unti-unting lumalawak at nadaragdagan ang bilang ng mga kalahok.

Pagsusuri ng Datos

Sa pag-aaral na ito, mahalaga ang pagsusuri ng datos sa pagbibigay-kahulugan sa mga hilaw na datos mula sa panayam. Ang pangangalap ng datos sa pamamagitan ng panayam ang
pangunahin at mahalagang paraan upang makuha ang mga impormasyong bilang tugon sa layunin ng pag-aaral. Ang mga datos ay inalisa sa pagsunod sa Principles of Thematic Analysis ni Braun & Clarke (2021). Ayon sa kanila ang thematic analysis ay isang kwalitatibong pamamaraan na sumusunod sa animna hakbang upang sistematikong suriin at unawain ang tema sa loob ng datos.

Sa kuwalitatibong pananaliksik, ang unang hakbang sa pagsusuri ng datos ay ang paghahanda at pag-oorganisa nito, gaya ng pagsasaayos ng tekstuwal na datos mula sa mga transkripsyon o larawan (Creswell & Poth, 2018). Una, kokolektahin ko ang lahat ng datos, babasahin, aayusin, at pagsasama-samahin. Ang mga naitalang panayam ay ita-transkrayb nang literal o sa pamamagitan ng piling mga salita o pangungusap upang makabuo ng transkripsyon para sa bawat kalahok. Ayon kay Creswell (2013), ang ikalawang hakbang ay ang pagbabasa, pagsusuri, at pagbibigay-pagmuni sa mga datos. Sa paraang ito, mas magiging makahulugan ang interpretasyon sa mga datos na nakalap mula sa mga kalahok.

Etikal Konsiderasyon

Sinunod ng mananaliksik ang mga etikal na alituntuning itinakda ng Society for Moral Integrity and Legal Ethics (SMILE) upang matiyak ang proteksyon at dignidad ng mga kalahok sa pananaliksik. Bibigyang diin ang pagpapahalaga sa mga karapatan ng mga kalahok sa pamamagitan nang malinaw na pagpapaliwanag ng kanilang papel sa pananaliksik at pagbibigay ng pahintulot lalo na sa mga menor de edad kung sakaling kinakailangan. Sisiguraduhin din ng mananaliksik ang mahigpit na pagpapanatili ng pribadong impormasyon, pagsunod sa Data Privacy Act of 2012 at pagtiyak na may sapat na kaalaman at pagsang-ayon ang mga kalahok.

Upang maayos na maisagawa ang pananaliksik, gumamit ng mga kagamitan at pasilidad kagaya ng voice recorder, silid-pulong ang mananaliksik para mas epektibo ang pangangalap ng datos. Sa pagtatapos ng pag-aaral, ibabahagi ang mga resulta sa mga guro, kalahok at komunidad upang maging kapaki-pakinabang sa kanilang edukasyon at pag-unlad sa sarili. Bukod dito, kikilalanin ang kontribusyon ng mga kalahok at bibigyan sila ng insentibo bilang pasasalamat sa kanilang aktibo at natatanging pakikilahok sa pananaliksik.

Pagkamakatotohanan ng Pag-aaral

Sa pag-aaral nina Lincoln at Guba (1985) na binanggit sa pag-aaral ni Amankwaa (2016), lumikha ng kaukulang hanay ng mga pamantayan para sa pagiging makatotohanan at mapagkakatiwalaang pananaliksik; kredibilidad, kakayahang mailipat, maaasahan at may katibayan upang magbigay ng tiyak na pamantayan .

## Resulta at Talakayan

Inilalahad sa bahaging ito ang mga impormasyong nakalap ng mananaliksik sa pamamagitan ng kaniyang ginawang panayam (in-depth interview) at focus group discussion. Lahat ng resulta ng pananaliksik ay nakaangkla sa balangkas at sa paglalahad ng suliranin. Inihanay ang mga ito sa pamamagitan ng mga tema bunga ng pagsusuri.

© 2026 The International Review of Multidisciplinary Research. This is an open access article distributed under the terms of the Creative Commons Attribution 4.0 International License (CC BY 4.0), which permits unrestricted use, distribution, and reproduction in any medium, provided the original author and source are credited.

Pananaw ng mga mag-aaral sa kanilang paniniwala sa paggamit ng AI na makatutulong sa akademikong pagsulat;

Kasangkapan sa Pagpapalawak ng Kaalaman

Sa isinagawa kong panayam, hindi maipagtatangi na marami sa mga mag-aaral ang gumamit ng AI upang maging kasangkapan sa pagpapalawak ng kaalaman at mapabibilis ang kanilang gawain. Ayon sa pahayag ng mga kalahok; *"Mailalarawan ko ang ai bilang kapaki-pakinabang dahil nakakatulong ito sa pagbuo ng mga ideya"*. K1 (IDI)

Tumugon naman ang isang kalahok na "Nakakatulong ito sa pagbibigay ng ideya at paano gamitin sa akademikong sulatin sa Filipino". K3 (FDG)

Dinugtungan naman ng isa pang kalahok; "mmm para po sa akin maam isa poi tong makabagong paraan na nakatulong po sa akin para mapadali ang pagbuo ng ideya". K6 (FDG)

Inilahad ng kalahok na malaki ang pakinabang ng AI sapagkat nakatutulong ito para mapadali ang pagbuo ng ideya.

Ito ay nangangahulugan na may silbi ang AI sa paglikha ng pangunahing konsepto.

Sinang-ayunan ito ng mga kalahok sa ginawang focus group discussion na nakatutulong rin ito sa pagbibigay ng ideya at paggamit nito sa akademikong sulatin sa Filipino. Nagdudulot ito ng positibong pakinabang sa panig ng mga mag-aaral na nagnanais na mapadali ang kanilang proseso sa paglikha ng idea sa isang akademikong pagsulat.

Katuwang sa Pagwawasto ng Sulatin

Malawak ang impluwensiya ng AI sa paghubog ng kaalaman ng mga mag-aaral sapagkat kaya nitong itama ang maling pangungusap at talata. Lumabas sa pahayag ng mga kalahok sa focus group discussion ang sumusunod: *"hmm para sa akin ito ay nagbibigay alam pag may gusto akong mas malaman pa sa Filipino".* K1 (FDG)

Habang patuloy ako sa aking panayam, may isang kalahok ang sumagot; "Maganda ang karanasan ko sa paggamit ng AI kasi natutulungan akong ayusin ang aking grammar at mas mapaganda ang aking ideya". K2 (FDG)

Sinang-ayunan naman ng isa pang kalahok; "Ito ay tumutulong sa pagsasaayos ng mga maling gramatika sa mga sulating nagawa". K5 (FDG)

Habang ako'y nakikinig ay mayroong isang kalahok na tumatango na para bang sinasang-ayunan niya ang mga sagot ng mga naunang kalahok at ito ang kanyang naging sagot sa unang tanong; *"Naging madali ang pag-intindi sa mga aralin lalo na sa pagsusulat ng tamang gramatika".* K7 (FDG)

Sa pagsasalin sa Filipino sa tugon ng mga kalahok ay nailahad na "maganda ang karanasan ko sa paggamit ng AI sapagkat natutulungan akong ayusin ang gramatika at mas lalong napapaganda ang ideya".

Mapapansin mula sa pahayag na ito ang na malaki ang naiambag ng AI sa pagsasaayos ng gramatika at ideya ng isang sulatin. Malinaw na nagpapakita ang AI bilang kasangkapan sa pagpapabuti at pagkakaayos ng kalidad ng isang sulatin.

Pagpapatibay ng Kumpiyansa sa Sarili

Ang mithiin ng mga mag-aaral na makabuo ng isang akademikong sulatin ay nagdudulot ng positibong pananaw na makakayanan ang gawaing pagsulat. Ang pagpapatibay ng kumpiyansa sa sarili ay nagiging sandata na matugunan ang mga pangangailangan sa akademikong sulatin. Mapapansin ang sagot ng sumusunod na mga kalahok: *"Naging mas madali at kapaki-pakinabang dahil ito ay pagsasaayos ng aking sulatin"*. K4 (FDG)

Ang sagot ni K4 (FDG) ay dinagdagan at sinang-ayunan ng sumunod na kalahok; "Mailalarawan ko po ito bilang may malaking tulong sa pagsulat ko ng mga akademikong pagsulat maam". K8 (FDG)

Sa pagpapatuloy ng aking panayam, narinig ko na may pagkakaparehong sagot mula sa sumunod na kalahok.

"Ang AI po ay may malaking tulong sa akin dahil kapag meron akong hindi maisusulat sa mga pang-akademikong sulatin sa Filipino ay nagsesearch ako agad dito". K9 (FDG)

*© 2026 The International Review of Multidisciplinary Research. This is an open access article distributed under the terms of the Creative Commons Attribution 4.0 International License (CC BY 4.0), which permits unrestricted use, distribution, and reproduction in any medium, provided the original author and source are credited.*

Habang nagsasalita ang mag-aaral, napansin kong ilang beses siyang huminto at tila naghahanap ng tamang mga salita. Gayunpaman, nagawa niyang ipaliwanag ang kanyang mga ideya nang may kumpiyansa, na nagpaunawa sa akin na nauunawaan niya ang konsepto sa kabila ng ilang kahirapan sa pagpapahayag nito.

Ibinahagi ng mga kalahok sa isinagawang focus group discussion na ang AI ay nakatutulong sa pagbuo, pag-aayos, at paglinang ng akademikong sulatin, na nagreresulta sa mas organisado, malinaw, at maayos na awtput. Napananatili ng mga mag-aaral ang kumpiyansa sa sarili na matatapos nila ang nilalaman ng sulatin sapagkat nagbibigay ito ng agaran at kumpletong tugon sa kanilang akademikong sulatin.

Ang papel ng AI sa pagpapadali sa pagsulat ng mga akademikong teksto sa Filipino;

Paglinang ng Kasanayan sa Pagsulat at Gramatika

Marami sa mga mag-aaral ang nahihirapan sa pagsulat ng iba't ibang sulatin dahil sa kakulangan ng kasanayan sa pagsulat at gramatika. Madalas nag-iisip ng mga paraan ang mga mag-aaral kung paano matapos ang nilalaman ng kanilang sulatin. Batay sa pahayag ng mga kalahok sa isinagawang panayam: *"Malaki ang naging ambag ng AI sa aking pagsusulat sapagkat nakakatulong ito sa pagaayos ng aking pangungusap". K1 (IDI)*

Sa pakikinig ko sa kalahok, napansin kong hindi niya mapigilang igalaw ang kanyang mga kamay na parang nagpapaliwanag sa maraming nakikinig sa kanya.

Patuloy ang aking isinagawang panayam, sinagot ng isa pang kalahok ang ikalawang tanong; "Nakatulong ito para mapabilis ang pagsulat, lumawak ang kaalaman at gumanda ang gramatika sa Filipino". K1 (FDG)

Dinagdagan naman nang pagpapaliwanag sa sumunod na kalahok; "Naitutulong nito ang pagsasaayos ng mga salaysay pagdiscover ng mga unfamiliar words". K5 (FDG)

Sa isang pagkakataon, napansin kong ang isang kalahok ay nagbigay ng maikli ngunit malinaw na tugon, na nagsasabing, *"Malaking tulong ng AI sa akin ang pagcorrect ng aking grammar".* K6 (FDG)

Ipinapakita sa pahayag ng mga kalahok na ang AI ay nagbibigay ng agarang tulong sa pagwawasto ng estruktura, at pagkabubuo ng pangungusap. Bukod dito, nagbibigyang-diin ang paggamit ng wastong gramatika sa pagsusulat ng sulatin at natutulungan na mapalawak ang kaalaman sa pagkilala sa mga bagong salita.

Pagpapalawak ng Bokabolaryo at Kaalaman

Mahalagang hakbang sa pag-unlad ng kakayahang komunikatibo at kritikal na pag-iisip ng mga mag-aaral ay ang pagpapalawak ng bokabolaryo at kaalaman sapagkat nagsisilbing tulay ito upang mapabilis ang pagsusulat ng isang sulatin. Ang patuloy na pagdaragdag ng mga bagong salita at pag-unawa sa paggamit nito sa pangungusap ay nagiging mas malinaw ang pagpapahayag ng ideya at pag-unawa sa isang teksto. Makikita natin ang tugon ng mga kalahok:

Habang nagpapatuloy ang panayam, narinig ko ang isa pang kalahok na nagbanggit ng mas tiyak na mga kasagutan; "Nakatulong ito para mapabilis ang pagsulat, lumawak ang kaalaman at gumanda ang gramatika sa Filipino". K1 (FDG)

Sa sumunod na mga kalahok ay nagkroon ako ng repleksyon mula sa kanyang sagot na; "Nakatutulong ito sa pagpapahusay ng aking pagsulat at pagbuo ng mga ideya. Natuto rin akong ahhhh mas maayos magsulat sa Filipino". K2 (FDG)

Nagkaroon ng karagdagang paliwanag na; "Nabibigyan ako ng ideya kung ako ay nauubausan na". K4 (FDG)

Napagtanto kong hindi lang kaming mga guro ang maaaring hanguan ng impormasyon ng mga mag-aaral.

Sa pagpapatuloy ng panayam, ang isang kalahok ay masayang nagbahagi sa kanyang sagot na may pahayag na *"Naitutulong nito ang pagsasaayos ng mga salaysay pagdiscover ng mga unfamiliar words".* K5 (FDG) at sumang-ayon naman ang sumunod na kalahok sa kanyang sagot na *"Napabibilis niya po mga ideya sa mga sulatin pero naiisip ko din po maam na baka aasa na lang ako lagi sa AI".* K9 (FDG)

Kapansin-pansin sa pahayag ng mga kalahok na ang paggamit ng AI ay may malinaw na positibong epekto sa kanilang kasanayan sa pagsulat sa Filipino. Nagiging gabay din ito sa pagbuo at pag-organisa ng mga ideya, lalo na kapag nauubusan sila ng maisusulat. Bukod dito, nakakatulong ang AI sa pagsasaayos ng mga salaysay at sa pagtuklas ng mga bagong o hindi pamilyar na salita.

*© 2026 The International Review of Multidisciplinary Research. This is an open access article distributed under the terms of the Creative Commons Attribution 4.0 International License (CC BY 4.0), which permits unrestricted use, distribution, and reproduction in any medium, provided the original author and source are credited.*

*Pag-unawa at Gabay sa Pagkatuto*

Nagtataglay ang bawat mag-aaral ng kaniya-kaniyang talento na kailangang hubugin ng isang guro. Maihahalintulad natin sila sa isang musmos na bata na nangangailangan ng pag-aaruga ng isang ina. Dahan-dahang pinapanday ang pundasyon ng pagkatuto ng mga mag-aaral sa pamamagitan ng pag-unawa at gabay sa kanilang pagkatuto.

> Matutunghayan natin ang sagot ng mga kalahok *"Ang ambag nito ay mas naiinitindihan ko ang isusulat sa Filipino". K3 (FDG)*
> *Kapansin-pansin ang simpleng pahayag ng naunang kalahok.*
> Sinundan naman nito ng sumunod na kalahok at nagpahayag na *"Malaki po ang ambag ng AI sa mga sulatin lalo na sa Filipino na minsan ay nahihirapan ako sa mga paksa". K7 (FDG)*
> *Isa pang kalahok ang nagdagdag ng kanyang pahayag, "Nakakatulong ang AI sa akin na makapagbigay ng tumpak na mga resulta". (K8, FDG)*

Ang mga detalyeng nagmula sa mga kalahok nakatutulong ang AI upang mas maunawaan ang mga paksang kanilang isinusulat, lalo na kung may mahirap na intindihin. Nagbibigay rin ito ng malinaw at tumpak na impormasyon na nagiging gabay sa pagbuo ng tama at makabuluhang nilalaman.

*Tagahatid ng Impormasyon*

Sa bawat sulatin ng mag-aaral, nangangailangan sila ng ilaw na gumagabay sa pagbuo ng malinaw at makabuluhang ideya. Ilaw na magsisilbing tulay sa pagbuo ng kanilang sulatin nang may maayos at malinaw na nilalaman. Ito ang naging tugon sa unang kalahok;

> *Bilang isang mag-aaral, masasabi kong madali o napapadali ang mga sulating pang-akademiko sa Filipino sa paggamit ng AI dahil nagbibigay ito ng mga halimbawa na magbibigay agad sa iyo ng ideya at mas medaling mainitindihan. K1 (IDI)*
> *Habang ako'y nakikinig sa unang kalahok ay napansin kong ang pangalawang kalahok ay naghahanda sa kanyang sasabihin "Oo kasi nagbibigay ito ng mga mungkahi at ideya na pwedeng idagdag sa aking sulatin". K2 (FDG)*
> *Sa mga sumunod na mga kalahok ay napakaili lama gang kanilang mga naging sagot ngunit direkta at walang paligoy-ligoy tulad nito "Oo dahil nakapagbibigay agad ng sagot". K3 (FDG) na sinundan naman ng isa pang pahayag na "Minsan oo at minsan din hindi dahil meron din naman akong sariling ideya". K4 (FDG)*
> *Sinang-ayunan ng dalawang pang kalahok sa kanilang mga pahayag na "Para sa akin, napapadali ng AI ang mga sulating pang-akademiko sa paghahanap ng mga salita na hindi ko maisip tuwing gagawa ng mga sulatin". K5 (FDG)*
> *Dinagdagan naman ng isa pang kalahok at nagpahayag na "Opo maam dahil magtatanong lang ako kay AI agad bibigay ng mga impormasyon". K9 (FDG)*

Makikita sa pahayag ng mga kalahok na ang AI ay isang makabagong katuwang sa paggawa ng mga sulating pang-akademiko sa Filipino. Nakatutulong ito sa pagbibigay ng ideya, mungkahi, at halimbawa sa mas malinaw at organisadong pagsusulat.

Ang pananaw ng mga gawi ng mga mag-aaral sa paggamit ng AI sa pang-akademikong sulatin;

*Lakas ng Loob*

Likas na sa mga Pilipino ang pagkakaroon ng katangian ng lakas ng loob. Kaya, hindi maipagkakaila na marami sa mga mag-aaral ang nagtataglay ng katangiang ganito sa kabila ng mga gawaing pagsulat ang ibibigay ay nakakayanan nitong gawin. Mapapansin natin ang tugon ng mga kalahok:

> *"Syempre naman po, kaya ko pa rin gumawa ng akademikong sulatin kahit na walang AI". K1 (FDG)*
> *Naging malinaw sa unang kalahok ang gamit ng AI sa kanyang akademikong sulatin.*
> *Habang patuloy ang pakikipanayam, ang isa pang kalahok ay nagpahayag na "Masasabi kong opo dahil minsan lng ako gumagamit ng AI". K3 (FDG)*
> *"Opo dahil bago pa mn nagkaroon ng AI ay sarili kong ideya ang ginagamit ko sa aking mga sulatin". K4 (FDG)*
> *"Oo dahil mahalaga ang kakahan sa pagsulat ng mga sulatin kahit hindi gumamit ng AI dahil ito ay nagpapakita ng sariling pag-unawa". K6 (FDG)*
> "Oo po noon pa man ay maaasahan ko ang aking sarili sa mga akdemikong sulatin. Pero dahil dumating si AI natulungan akong mas ayusin tamang gramatika". K7 (FDG)

*© 2026 The International Review of Multidisciplinary Research. This is an open access article distributed under the terms of the Creative Commons Attribution 4.0 International License (CC BY 4.0), which permits unrestricted use, distribution, and reproduction in any medium, provided the original author and source are credited.*

Makikita sa tugon ng mga kalahok na kaya nilang gumawa ng mga akademikong sulatin na wala ang tulong ng AI. Ginagamit nito ang personal na kakayahan sa pagsulat ng sulatin sa pamamagitan ng pag-aangkop ng sarili nilang ideya sa pagbuo ng sulatin.

*Instrumento sa Pagsusulat*

Hindi madali ang pagbuo ng isang sulatin sapagkat nangangailangan ito ng kagamitan upang mabuo ang estruktura nito.

Mula sa pahayag ng mga kalahok.

> *Nakabubuti ang paggamit ng AI sa paggawa ng pang-akademikong sulatin dahil mas maisasayos at mas magiging organisado ang iyong ginagawa ngunit kailangan pa rin nating malaman kung ano ang tamang paggamit ng AI*. K1 (IDI)

Sa obserbasyon ko sa uang kalahok ay napansin kong sapat ang kanyang kaalaman sa paggamit ng AI bilang hanguan ng impormasyon na nakatulong sa kanya.

> Sumunod naman ang isa pang kalahok na nagbigay ng maikling pahayag na *"Opo dahil kagaya ng sabi ng aking mga kasamahan napapadali ang aming mga sulatin". K4 (FDG)*

> Dinagdagan naman ng sunod na kalahok na kanyang nasabi na "Opo maam dahil nakakatipid ng oras sa pagsulat ng akademikong sulatin sa Filipino at nagbibigay ng mga suggestions". K6 (FDG

> Sinang-ayunan naman nito ng huling kalahok "Opo maam dahil mas apapadali niya ang mga gawaing pang-akademikong sulatin". K9 (FDG)

Mapapansin kong ang unang kalahok ay mahahalatang ginagamit nga niya ang AI.

> Sinundan naman ito ng pagsang-ayon ng isa pang kalahok. "Oo dahil malaki ang kaniyang naibibigay na impormasyon sa amin". K2 (FDG)

Makikita sa tugon ng mga kalahok na kapaki-pakinabang ang paggamit ng AI sa pang-akademikong sulatin sapagkat nagiging maayos, at organisado ang nilalaman ng sulatin. Bukod dito, nagbibigay rin ng suhesyon kung paano mapaganda ang awtput.

*Gabay sa Pagkatuto at Pag-unawa*

Hindi madali ang pagsusulat ng isang sulatin. Kinakailangan mong paghandaan upang mapaganda ang resulta ng isang sulatin. Kaya, nangangailangan ito ng patnubay upang mapabilis ang pagkatuto at pag-unawa. Masasalamin natin ang sagot ng mga kalahok:

> *"Para maging gabay sa aking mga sulatin sa Filipino". K3 (FDG)*
> *"Ang intension ko ay upang mas madali kong maintindihan ang mga ideya na dapat kong itama". K4 (FDG)*
> *"Ang layunin ko ay ang pagsasaayos sa mga salita at pag-intindi nito". K5 (FDG)*
> *"Wala po akong ibang intensyon sa AI kundi matuto sa mga bagay na wala akong alam". K7 (FDG)*
> *"Ang intensyon kop o sa paggamit ng AI ay mapalawak pa ang aking kaalaman at magkaroon ng mga bagong ideya maam". K8 (FDG)*
> *"Ang layunin kop o maam ay matukoy ang mga bagay-bagay o mga salitang hindi gaanong mainitindahan lalo na sa mga akademikong sulatin sa Filipino". K9 (FDG)*

Makikita sa tugon ng mga kalahok na ginagamit nila ang AI bilang gabay sa pagsulat ng sulatin sa Filipino. Sa pamamagitan ng AI, napadadali ang pag-unawa sa ideya na dapat iwasto, at maging ang pagsasaayos ng mga salita.

> "*Oo dahil maraming ideya ang nakukuha*". K3 (FDG)
> "*Nakabubuti ito sa paggawa ng akademikong sulatin dahil gianagawang mas pormal na bersyon*". K5 (FDG)
> *"Minsan poo o minsan naman hindi dahil minsan lang naman po ako umaasa sa AI lalo na kung pagod ako".* K7 (FDG)
> "*Opo maam, ito ay tumutumulong sa aking pagsulat sa mga pang-akademikong sulatin dahil nagkakaroon ako ng bagong ideya sa isang paksa*". K8 (FDG)

*© 2026 The International Review of Multidisciplinary Research. This is an open access article distributed under the terms of the Creative Commons Attribution 4.0 International License (CC BY 4.0), which permits unrestricted use, distribution, and reproduction in any medium, provided the original author and source are credited.*

Makikita sa tugon ng mga kalahok na nakapaghahatid ng ideya ang AI na makatutulong sa pagpapabuti ng akademikong sulatin sa Filipino. Nagbibigay ito ng mga impormasyon na makatutulong sa pagpapahusay sa nilalaman ng sulatin.

Intensyon sa paggamit ng AI sa pagsulat ng pang-akademikong sulatin sa Filipino;

*Mabilis na Pagkuha ng Datos*

Isa sa mahirap na gawain ay ang pangangalap ng mga impormasyon na may kaugnayan sa isang sulatin. Hindi maipagkakaila na ang mga mag-aaral ay nahihirapan sa pagsusulat ng isang sulatin sapagkat kulang sila sa kakayahan at kasanayan sa paghahanap ng datos. Makikita natin ang tugon ng mga kalahok:

> *Ahhmm masasabi kong napapadali talaga ng AI ang pang-akademikong pagsulat sa Filipino dahil marami itong alam at masasagot ng AI ang mahihirap na tanong, hehehe pero di porket may AI ay aasa ka na lng dito..* K1 (FDG)

Habang siya ay sumasagot, napansin kong nagsalita siya sa magaan na tono at mukhang relaks habang nagbibigay ng sagot.

> Sumunod naman ang isa pang kalahok na may maikling tugon, na nagsasaad na *"Kasi maraming impormasyon ang binibigay ng AI".* K4 (FDG)

Habang nakikinig ako sa kanya, napansin kong maikli ang kanyang pagsagot at sandaling huminto bago magsalita, na para bang inaalala niya ang kanyang karanasan.

Habang nagpapatuloy ang usapan, ipinaliwanag naman ng isa pang kalahok,

> *Napadali ng AI ang pang-akademikong pagsulat dahil natutulungan akong makahanap ng mabilis na impormasyon.* K6 (FDG).

*May isa pang kalahok ang nagdagdag. "Dahil maaari niyang ibigay ang buod o kahulugan ng mga tanong sa AI"*. K9 (FDG)

Binigyang-pansin ng mga pahayag ng mga kalahok na ang pangunahing dahilan kung bakit napadadali ng AI ang akademikong pagsulat ay dahil madali nitong naipagkakaloob ang mga kinakailangang impormasyon. Sa isang iglap ay madaling mahanap ng mga mag-aaral ang kanilang kinakailangang impormasyon dahil sa tulong ng AI.

*Paggamit sa Gramatika at Estruktura ng* Pangungusap

Hindi madali ang pagbuo ng nilalaman ng isang sulatin sapagkat marami tayong dapat isaalang-alang kagaya na lamang ng gramatika. Katulad ito ng pagluluto ng isang putahe, hindi magiging masarap ang lasa nito kung may kulang na sangkap. Makikita natin ang tugon ng mga kalahok:

> *Ang pagkuha ng ideya at pagtatama sa grammar ay ang bahaging nakakatulong sa akademikong sulatin sa paggamit ng AI".* K1 (IDI)

Habang pinakikinggan ko ang kanyang sagot ay naging klaro ang nais niyang na iparating.

> Dinagdagan naman ito ng sumunod na kalahok na nagsaad ng "*Sa paggamit ng tamang salita at grammar sa Filipino dahil hindi ako masyado magaling sa Filipino".* K2 (FDG)
>
> Isa pang kalahok ang sumang-ayon na nagsabing *"Sa pagkuha ng mga tamang salita nagagamitin sa sulatin".* K3 (FDG)
>
> Nagkaroon ng isa pang karagdagang pahayag mula sa panghuling kalahok, *"Mula sa tamang paggamit ng mga salita at bantas".* K4 (FDG)

Naging mabilis at simple lang ang pagbibigay ng pahayag ng bawat kalahok.

Makikita sa pahayag ng mga kalahok na malaki ang papel na ginagampanan ng gramatika sa pagpapaganda ng nilalaman ng iyong sulatin. Nakatuon ang atensyon ng mga mambabasa sa ideya na nakapaloob sa nilalaman ng iyong sulatin, kung mali ang gramatika nito ay magkakaroon ng kalituhan ang mga mambabasa sa pag-unawa ng iyong sulatin.

*© 2026 The International Review of Multidisciplinary Research. This is an open access article distributed under the terms of the Creative Commons Attribution 4.0 International License (CC BY 4.0), which permits unrestricted use, distribution, and reproduction in any medium, provided the original author and source are credited.*

*Pagpili ng Salita at Bokabolaryo*

Isa sa kasangkapan sa pagpapaganda ng isang sulatin ay ang wastong salita na gagamitin sa pagsulat. Nakasalalay sa pagpili ng paksa ang pagpapanatili ng kagandahan at kaayusan ng isang sulatin.

> Makikita natin ang tugon ng unang kalahok, *"Sa pagkuha ng mga tamang salita nagagamitin sa sulatin".* K3 (FDG)
>
> At may sumunod na kalahok na sumagot nang maikli, *"Mula sa tamang paggamit ng mga salita at bantas*". K4 (FDG)

Sa mga naging pahayag nang dalawang kalahok ay mapapansing gamit na gamit talaga nila ang AI akademikong sulatin.

> Dinangdagan naman ng sumunod na kalahok ang pahayag sa naunang kalahok at nagsabing *"Nakatutulong ito sa lahat ngunit mas nakatutulong sa bahagi ng pagsasalaysay para makahanp ng mga tagalog na salita*". K7 (FDG)

Lumabas sa pahayag ng mga kalahok na sa pagsusulat ng isang sulatin ay nangangailangan ng wastong salita na gagamitin upang mas maging kaakit-akit ang nilalaman nito. Dapat alam mo ang tamang paggamit ng salita, at batas upang maiwasan ang pagkakamali ng bawat pangungusap.

*Pagpapahusay ng Kakayahang Intelektuwal*

Ang pagsulat ng isang sulatin ay nangangailangan ng maayos na pundasyon ng kaalaman upang magkakaroon ng makabuluhang resulta.

Makikita natin ang sagot ng mga kalaho, "Dahil gusto kong matuto ng bagong paraan at mapadali ang aking takdang aralin". K2 (FDG)

Sa tono ng pagsasalita ng unang kalahok ay masasabi kong bukas ang kanyang isip sa pagtuklas ng AI.

Sumunod naming magsalita ng isa pang kalahok na nagsabing "Nakabase ito sa mga karanasan at obserbasyon ko kung paano nakatulong ang AI sa pang-akademikong sulatin sa Filipino o sa English". K6 (FDG)

Makikita sa tugon ng mga kalahok na ang kagustuhan na matuto ay nangangailangan ng bagong paraan upang mapadali ang isang takdang-aralin. Ang karanasan at obserbasyon sa paggamit ng AI ay nakatulong sa pang-akademikong sulatin sa Filipino.

Aktwal na pananaw sa paggamit ng AI sa pagsulat ng akademikong sulatin;

Pagsasaayos ng Nilalaman

Mahalaga ang proseso ng pagpili at pagsaayos ng mga impormasyon upang mas malinaw ang maihahatid na datos.

Makikita natin ang sagot ng mga kalahok:

Maikling pahayag ang nasabi ng unang kalahok, *"Inaayos ko muna bago ipasa*". K2 (FDG)

Dinagdagan naman nito ng isa pang kalahok ang "Bilang estudyante, nasisguro ko ito sa pagdodouble check sa hiningi ng aking guro". K4 (FDG)
Ang sagot ng sumunod na kalahok ay naging tapat lalo na sa paggamit nila.

Isang responsableng pahayag ang nasabi ng sumunod na kalahok, "Sinusuri ko at inaayos ang sagot ng AI para siguradong pareho sa hinihingi ng guro". K6 (FDG)

Sinuguro ng panghuling kalahok na hindi niya lahat kinokpya ang ibinibigay ng AI sa kanya batay sa kanyang pahayag na *"Nasisiguro ko ito minsan hehehe pero ginagawa ko pa kasi ang magrephrase hindi lahat kinokopya ko sa AI".* K8 (FDG)

Makikita sa tugon ng mga kalahok na mahalaga ang pagsasaayos ng nilalaman ng isang sulatin bago ito ipasa. Mahalaga rin ang pagtitiyak ng paulit-ulit ng mga impormasyon upang masiguro na may kaugnayan sa hinihingi ng guro. Nabanggit din na minsan hindi ito ginagawa bangkus binabalangkas muli ang pahayag at hindi kinokopya sa AI.

*© 2026 The International Review of Multidisciplinary Research. This is an open access article distributed under the terms of the Creative Commons Attribution 4.0 International License (CC BY 4.0), which permits unrestricted use, distribution, and reproduction in any medium, provided the original author and source are credited.*

*Pagtitipid ng Oras*

Ang temang ito ay nagsasaad na ginagamit ang AI upang mapabilis ang pagsusulat at mabawasan ang stress sa oras. Sa pamamagitan nito, mas madaling matapos ang isang sulatin.

"Uhmm Ang nagtulak sa akin upang gumamit minsan ng AI sa pagsusulat ng akademikong sulatin sa Filipino ay ang katamaran dahil minsan nais kong mas mapadali ang mga gawain. Oo nasisiyahan ko dahil nakakatulong ito sa akin na mapabuti ang kalidad ng aking gagawin." K1 (IDI)

Nakatutuwang pakinggan ang naging pahayag ng unang kalahok dahil naging matapat siya sa kanyang pagpapahayag. Dinagdagan pa nito ng ikalawang kalahok na sinang-ayunan niya ang sagot ng naunang kalahok.

"Ang nagtulak sa akin gumamit ng AI ay pinapadali niya ang aking mga gawain sa akademikong sulatin sa Filipino." K2 (FDG)

Sinundan naman ito ng isa pang kalahok at nagpahayag na "Minsan nag-apas na sa oras kasi marami pang ibang gagawin sa other subjects". K3 (FDG)

Lumabas sa tugon ng mga kalahok na ang AI ay nakatitipid ng oras sa pamamagitan ng pagpapabilis ng mga gawain, at pag-aayos ng mga impormasyon. Nabanggit din ng mga kalahok ang pagkakaroon kakulangan sa oras sa paggawa ng iba't ibang gawain sa ibang asignatura.

*Suporta sa Pagkatuto at Kaalaman*

Nakapaloob sa tema na ang AI ay isang kasangkapan para maunawaan ang mga salita, maitama ang pagkakamali, at mapabuti ang sariling kakayahan sa Filipino ng mga mag-aaral.

Ang sumunod na kalahok ay naging maingat at simple sa kanyang pahayag na "Ang nagtulak sa akin ay pag hindi ko alam kung ano ang definition ng isang salita, naibibigay ito ng AI". K1 (FDG)

Dinaggdagan naman ito ng isa pang kalahok, "Alam kong may mali ako sa mga sulatin sa Filipino dahil hindi ako magaling sa Filipino kaya AI ang sagot". K5 (FDG)

Sinuportahan naman ng panghuling kalahok ang naging sagot ng una at nasabing *"Para magkaroon ng ideya at maitama ko ang aking mga maling pahayag sa mga sulatin*. K9 (FDG)

Makikita sa tugon ng mga kalahok na ang AI ay nakatutulong sa mga mag-aaral na mabigyan ng kahulugan ang mga salitang hindi nauunawaan. Nasabi ng kalahok ang kakulangan sa kasanayan sa sulatin sa Filipino kung saan naibibigay ng AI ang sagot na kinakailangan.

*Buod ng mga Natuklasan*

*AI: Susi sa Mabilis at Maayos na Akademikong Pagsulat sa Filipino*

Ang paggamit ng AI ay nagpapakita ng mga panibagong pamamaraan upang mapabilis ang pagbuo ng mga idea para sa akademikong pagsulat. Nagdudulot ito ng positibong pakinabang sa panig ng mga mag-aaral na nagnanais na mapadali ang kanilang proseso sa paglikha ng idea sa isang akademikong pagsulat. Bukod dito, nagsisilbing kasangkapan ang AI upang mas maging sistematiko, malinaw, at epektibo ang paggawa ng mga mag-aaral ng akademikong sulatin sa Filipino.

*AI bilang Instant na Tagapagkaloob ng Impormasyon at Buod para sa mga Mag-aaral*

Napadadali ng AI ang akademikong pagsulat ay dahil madali nitong naipagkakaloob ang mga kinakailangang impormasyon. Sa isang iglap ay madaling mahanap ng mga mag-aaral ang kanilang kinakailangang impormasyon dahil sa tulong ng AI. Bukod dito, nagbibigay din ang AI ng buod upang mas madaling maintindihan ang isang sagot tungkol sa tanong na nais bigyan ng solusyon.

*Pagpapadali sa Akademikong Pagsulat gamit ang AI bilang Panimulang Hakbang tungo sa De-kalidad na Awput*

Nagsisilbing daluyan ng impormasyon ang AI upang makahanap ng panimulang punto o direksyon ang mga mag-aaral sa pagbuo ng ideya at nilalaman ng kanilang sulatin, lalo na kapag nahihirapan silang magsimula o magpalawak ng paksa. Sa

*© 2026 The International Review of Multidisciplinary Research. This is an open access article distributed under the terms of the Creative Commons Attribution 4.0 International License (CC BY 4.0), which permits unrestricted use, distribution, and reproduction in any medium, provided the original author and source are credited.*

pamamagitan nito, hindi na mahihirapan ang mga mag-aaral sa pagbuo ng nilalaman ng kanilang akademikong sulatin, at nananatili ang kalidad ng kanilang awtput.

*AI bilang Kasangkapan sa Maayos, Organisado, at Malinaw na Pagsulat sa Filipino*

Ang ginagawa ng AI sa mga mag-aaral na mapadali ang proseso ng paggawa ng sulating pang-akademiko, habang pinapalawak ang kakayahan ng mag-aaral na maipahayag nang tumpak at maayos ang sariling kaisipan sa wikang Filipino. Dahil dito, nagiging mas maayos, organisado, at malinaw ang paggawa ng mga sulating pang-akademiko ng mga mag-aaral.

Mabilis na Awput, Maingat na Paggamit: Ang Magkabilang Mukha ng AI sa Akademikong Pagsulat

Nagpapakita ng positibo at negatibong karanasan ng mga mag-aaral sa aktwal na paggamit ng AI sa akademikong pagsulat. Habang nakatutulong ang AI sa pagtitipid ng oras, pagsusuri at pag-aayos ng nilalaman, pag-eedit ng pahayag, at suporta sa pagkatuto, may kawalang-katiyakan at limitasyon na kailangan pagtuonan ng pansin, kabilang ang etikal na paggamit at kritikal na pagsusuri.

*Diskusyon*

Sa bahaging ito, tinalakay ko ang mga natuklasan ng aking pag-aaral. Isinasaad ko rin ang buod at ang magiging direksyon sa panghinaharap sa aking pag-aaral.

Sa aking pakikinig sa mga kalahok, natutuhan ko na ang mga mag-aaral na nasa ika-10 baitang ay nahihirapan sa paggamit ng gramatika sa Filipino ay dahil hindi nila ito ginagamit sa pang-araw-araw na komunikasyon. Sa kabuoang karanasan ng mga mag-aaral habang ginagamit ang AI bilang makabagong katuwang sa pagsulat ng akademikong sulatin. Ang bawat tema ay nagbibigay-diin sa mahahalagang aspeto ng paggamit ng AI na nag-aambag sa kanilang pagkatuto, kasanayan, at kumpiyansa bilang manunulat sa wikang Filipino.

Ang pananaw ko naman sa naging resulta ng aking pag-aaral ay mga karanasan ng mga kalahok ay umusbong ang mga temang sumasalamin sa pag-aaral nina Calvo at Saldua (2025) na karaniwan nilang itinuturing na kapaki-pakinabang at madaling gamitin ang AI, at may positibong saloobin at intensiyon silang gamitin ito para sa akademikong gawain. Gayonpaman, limitado pa rin ang aktwal na paggamit, marahil dahil sa kakulangan sa karanasan o pagkakataon.

Samantalang ipinapakita ng pag-aaral na ang paggamit ng AI sa pagsusulat ay nagdulot ng mas mataas na kalidad ng sulatin para sa mga mag-aaral, partikular sa aspeto ng gramatika at bokabularyo. Nakatanggap sila ng mabilis at tumpak na pidbak na nakatulong sa pagpapahusay ng kanilang kasanayan sa pagsulat (Chen at Gong, 2025).

*Persepsyon sa Pagsulat ng Pang-akademikong Sulatin sa Filipino Gamit ang AI.*

Mula sa mga naging pahayag ng aking mga kalahok, naunawaan ko na nag mga mag-aaral ay gumagamit ng AI bilang katuwang sa pagsusulat ng akademikong sulatin sa Filipino. Lumabas sa pagsusuri sa pag-aaral nina Boillos at Idoiaga (2025) na ang pananaw ng mga mag-aaral (undergraduate at graduate) sa paggamit ng AI based language tools (AILTs) sa pagsulat ng akademikong sulatin. Nabatid na may positibong epekto ang AI sa tatlong mahalagang yugto ng pagsulat: pagpaplano, aktuwal na pagsulat, at pagrebisa.
Umusbong ang mga tema na naaangkop sa persepsyon ng mga mag-aaral sa paggamit ng AI bilang pantulong, kasangkapan, at katuwang sa pang-akademikong sulatin. Ang AI ay nakatutulong sa paglinang ng kasanayan, pagpapalawak ng idea, pagpapaunlad ng estilo, at pagpapalakas ng kumpiyansa sa sarili. Gayonpaman, ang papel ng guro at balanseng pananaw ng mag-aaral ay mahalaga upang masiguro na etikal, responsable, at makabuluhang paggamit ng AI sa akademikong pagsusulat.

Lumutang sa pag-aaral nina Shaqila at Ilham (2025) na nakatulong ang AI writing tools sa pagtaas ng pansariling kakayahan ng mga mag-aaral. Sa madaling salita, mas tumataas ang kanilang kumpiyansa, motibasyon, at kakayahang magsulat kapag ginamit ang AI. Pinatotohanan ito sa pag-aaral na ang persepyon ng mga mag-aaral sa paggamit ng AI tulad ng Grammarly, Quillbot, at Canva Magic Write sa kolaboratibong pagganap sa gawaing pagsulat. Napag-alaman na ang AI ay nakatulong sa pagbuo ng ideya. Bukod dito, ang AI ay nakatulong sa pagpapabuti ng kalidad ng sulatin (Utami at Ariati, 2025).

Batay sa temang lumabas, nag-uugnay sa intensiyon ng mga mag-aaral na gamitin ang AI bilang kasangkapan at gabay sa pagpapabuti ng akademikong sulatin sa Filipino. Ang AI ay tumutulong sa pagpapabilis ng pagsulat, paglutas sa pangangailangan ng datos, pagpapalawak ng kaalaman, epektibong pagpapahayag, at paglinang ng intelektuwal na kakayahan, ngunit ang teknolohiya at kapaligiran ay may impluwensiya sa kung paano epektibong nagagamit ang AI.

© 2026 The International Review of Multidisciplinary Research. This is an open access article distributed under the terms of the Creative Commons Attribution 4.0 International License (CC BY 4.0), which permits unrestricted use, distribution, and reproduction in any medium, provided the original author and source are credited.

Sa pagsusuri sa isinagawang pag-aaral nina Jelson, Manesh, Jang, Dunlap, Kim, at Lee (2025), napag-alaman na ginagamit ng mga mag-aaral ang AI tools (tulad ng ChatGPT) sa pagsulat ng sanaysay sa pamamagitan ng brainstorming, drafting, pag-edit o pagrebisa. Nakita sa resulta na iba iba ang paggamit depende sa kanilang pag-uugali, at intensiyon ng mga mag-aaral.

Ang mga naging pahayag ng aking mga kalahok ay nagpapakita ng positibo at negatibong karanasan ng mga mag-aaral sa aktwal na paggamit ng AI sa akademikong pagsulat. Habang nakatutulong ang AI sa pagtitipid ng oras, pagsusuri at pag-aayos ng nilalaman, pag-eedit ng pahayag, at suporta sa pagkatuto, may kawalang-katiyakan at limitasyon na kailangan pagtuonan ng pansin, kabilang ang etikal na paggamit at kritikal na pagsusuri.

*Binagong Balangkas*




*Talaguhitan 2: Technology Acceptance Model ni Davis (1989)*

## Konklusyon at Implikasyon

Umusbong sa aking pag-aaral na maraming mag-aaral ang tumuturing sa AI bilang isang kapaki-pakinabang na kasangkapan para sa burador at pag-ayos ng sulatin, ngunit may malalim na pag-aalala tungkol sa plagiarismo, orihinalidad, at pagiging tunay ng sariling gawa. Mahalaga ang etikal na paggamit at kritikal na pagsusuri ng awtput (Lund, Mannuru, Teel, Lee, Ortega, Simmons, at Ward, 2025).

Pinatibay sa isang malawakang pagsusuri ng mga artikulo na may deklarasyong ginamit ang AI, natuklasan na ang pangunahing dahilan ng paggamit ng AI ay para sa madaling basahin at maintindihan ang teksto, at pagwawasto ng gramatika. Ipinapakita nito ang papel ng AI bilang instrumento sa pagsasaayos ng teksto, gramatika, at estilo (Xu, 2025).

Batay sa mga natuklasan ng pag-aaral na ito, maaaring gumamit ang mga susunod na pananaliksik ng Multiple Linear Regression Analysis upang suriin pagtuonan ng mas malalim at sistematikong pag-unawa sa papel ng AI bilang kasangkapan, gabay, at katuwang sa akademikong pagsulat sa Filipino, habang isinasaalang-alang ang responsable, etikal, at balanseng paggamit nito. Ang isa pang posibleng direksyon ay ang paggamit ng Exploratory Factor Analysis (EFA) upang makabuo at mapatunayan ang bisa ng mga talatanungan na sumusukat sa mga pananaw ng mga mag-aaral sa paggamit ng

*© 2026 The International Review of Multidisciplinary Research. This is an open access article distributed under the terms of the Creative Commons Attribution 4.0 International License (CC BY 4.0), which permits unrestricted use, distribution, and reproduction in any medium, provided the original author and source are credited.*

AI sa pagtamo ng bagong kaalaman, at makabuluhang pagkatuto at titiyakin na ang mga instrumentong gagamitin sa pananaliksik ay tumpak at maaasahan. Ang mga susunod na pag-aaral na ito ay maaaring lalong magpapabuti sa paraan ng pagsukat at pag-unawa sa pagkatuto ng mga mag-aaral sa sa gramatika sa Filipino, at maaari ring gabayan ang mga guro sa paglalapat ng mas epektibong estratehiya upang suportahan ang makabuluhang pagkatuto sa loob ng silid-aralan. Narito ang ilan sa mga maaring bigyan ng pansin sa hinaharap.

Panghinaharap na Direksyon sa Pag-aaral

1. Malalimang pag-unawa at sistematikong pag-aaral ng papel ng AI bilang kasangkapan sa pagpapaunlad ng sariling kakayahan at kasanayan sa pagsulat.
2. Paglikha ng polisiya bilang gabay, at katuwang sa responsableng paggamit nito sa akademikong pagsulat sa Filipino.
3. Naghahanda sa mga mag-aaral sa mas modernong pagkatuto sa edukasyon gamit ang teknolohiya.
4. Palawakin ang saklaw ng pag-aaral sa iba't ibang antas ng edukasyon, disiplina, at konteksto.

## Pasasalamat

Nais pasalamatan ng may-akda ang mga sumuporta sa pananaliksik na ito.

## Pondo

Walang natanggap na panlabas na pondo ang pananaliksik na ito.

## Pahayag sa Salungatan ng Interes

Walang salungatan ng interes ang mga may-akda.

## Pahayag sa Pagkakaroon ng Datos

Walang bagong datos na nilikha sa pag-aaral na ito.

## Mga Sanggunian

Adigue, A. P. (2024). Iniibig ko ang Pilipinas: Diskurso at kurso sa panahon ng Artificial Intelligence at implikasyon sa akademiko. International Journal of Research, 13(5), 1-13.
Amankwaa, L. (2016). Creating protocols for trustworthiness in qualitative research. Journal of cultural diversity, 23(3).
Boillos, M. M., at Idoiaga, N. (2025). Student perspectives on the use of AI-based language tools in academic writing. Journal of Writing Research, 17(1), 155-170. https://doi.org/10.17239/jowr-2025.17.01.06
Braun, V., & Clarke, V. (2021). Thematic Analysis: A Practical Guide. SAGE Publications.
Calvo, S. R. M., at Saldua, M. I. (2025). Paggamit ng generative AI sa kasanayang pagsulat sa Filipino ng mga mag-Aaral sa Junior High School. International Multidisciplinary Journal of Research for Innovation, Sustainability and Excellence (IMJRISE), 2(7), 328–345. https://doi.org/10.5281/zenodo.15849382
Chen, C., at Gong, Y. (2025). The role of AI-assisted learning in academic writing: A mixed-methods study on Chinese as a second language students. Education Sciences, 15(2), 141.
Contemporary Educational Technology, 2024, 16(4), ep527 ISSN: 1309-517X Retrieved from https://www.cedtech.net/download/the-use-of-ai-tools-in-english-academic-writing-by-saudi-undergraduates-15013.pdf
Creswell, J.W., & Poth, C.N. (2021). Qualitative Inquiry and Research Design: Choosing Among Five Approaches.
Famor, J.R. et al, Cognizance Journal of Multidisciplinary Studies, Vol.4, Issue.11, November 2024, pg. 305-319 Retrieved from: https://www.studocu.com/ph/document/mindoro-state-university/secondary-education-major-in-filipino/chapter-1-3-pananaliksik/107700580
Jelson, A., Manesh, D., Jang, A., Dunlap, D., Kim, Y. H., at Lee, S. W. (2025). An empirical study to understand how students use ChatGPT for writing essays. arXiv preprint arXiv:2501.10551.
Lund, B., Mannuru, N. R., Teel, Z. A., Lee, T. H., Ortega, N. J., Simmons, S., at Ward, E. (2025). Student perceptions of AI-assisted writing and academic integrity: ethical concerns, academic misconduct, and use of generative AI in higher education. In AI in Education (Vol. 1, No. 1, p. 2). MDPI.
National Assessment of Educational Progress (NAEP) https://nces.ed.gov/nationsreportcard/about/

© 2026 The International Review of Multidisciplinary Research. This is an open access article distributed under the terms of the Creative Commons Attribution 4.0 International License (CC BY 4.0), which permits unrestricted use, distribution, and reproduction in any medium, provided the original author and source are credited.

Shaqila, C., at Ilham, I. (2025, April). The Influence of AI Writing Tools on Students' Self-Efficacy in Academic Writing: A Systematic Literature Review. In Proceeding of International Seminar on Student Research In Education, Science, and Technology (Vol. 2, pp. 454-462).

Utami, S., at Ariati, J. (2025). Leveraging AI for collaborative writing: A mixed method study on student experiences using AI writing tools. BRIGHT: A Journal of English Language Teaching, Linguistics and Literature, 8(1), 105-115.

Xu, Z. (2025). Patterns and Purposes: A Cross-Journal Analysis of AI Tool Usage in Academic Writing. arXiv preprint arXiv:2502.00632.

Zhu, X., Wang, C., at Searsmith, D. (2025). Writing With Machines and Peers: Designing for Critical Engagement with Generative AI. arXiv preprint arXiv:2511.15750.

## Mga Apendiks

Walang kalakip na mga apendiks sa pag-aaral na ito

*© 2026 The International Review of Multidisciplinary Research. This is an open access article distributed under the terms of the Creative Commons Attribution 4.0 International License (CC BY 4.0), which permits unrestricted use, distribution, and reproduction in any medium, provided the original author and source are credited.*